



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-45

“NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA GENERAL MEMORANDUM OF AGREEMENT (GMOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT DEPARTMENT OF SOCIAL WELFARE AND DEVELOPMENT – FIELD OFFICE III NA NAUUKOL SA PROGRAMS, PROJECTS AND ACTIVITIES (PPAs) NA MAGBIBIGAY NG BENEPISYO SA MAMAMAYANG BUSTOSENYO.”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Phillip Wryner B. Santos

Tagapangulo

**Pinagsanib na Lupon sa Kagalingan Panlipunan, Kababaihan,
Pamilya at Kasarian**

at

**Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at
Pamamaraan, at Kooperatiba**

SAPAGKA'T, naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang General Memorandum of Agreement (GMOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos at Department of Social Welfare and Development – Field Office III;

SAPAGKA'T, ang kasunduang ito ay ukol sa Programs, Projects and Activities (PPAs) na naglalayong mabigyan ng tulong ang mga mamamayan na nabibilang sa mahirap, mahina at may kakulangan sa buhay na mai-angat ang kanilang antas ng pamumuhay para sa kanilang maganda at maayos na pamumuhay;

SAPAGKA'T, isinisaad sa Kodigo ng Lokal ng Pamahalaan (Batas Republika Blg. 7610) na ang LGU ay tutugon sa mga pangangailangan ng mga nasasakupan nito, at bigyang-kapangyarihan ang mamamayan sa pamamagitan ng direktang pakikilahok sa mga gawain ng pamahalaan, sa pagbibigay sa kanila ng pinakamalawak na espasyo upang makilahok, magpasaya, mapagsimula, magpatupad, at magpaunlad ng mga aktibidad na tumutugon sa kanilang natukoy na pangangailangan;

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN

044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos


SAPAGKA'T, sa masusing pag aaral ng Pinagsanib na Lupon sa Kagalingan Panlipunan, Kababaihan, Pamilya at Kasarian at Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan, at Kooperatiba ay napatunayang napagkasunduang ito ay higiy na makakatulong upang magbigay ng benepisyo sa mamamayan lalo na sa mga higit na nangagailangan ng ayuda mula sa Pamahalaang Bayan Bustos;


KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na bigyan ng pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, katawanin sa isang General Memorandum of Agreement (GMOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos at Department of Social Welfare and Development – Field Office III na nauukol sa Programs, Projects and Activities (PPAs), gaya ng mga sumusunod:


1. Pantawid Pamilyang Pilipino Program
2. Sustainable Livelihood Program
3. Disaster Management
4. Social Pension Program for Indigent Senior Citizen
5. Assistance to Individuals in Crisis Situation
6. Supplementary feeding Program
7. Comprehensive Program for Street Children, Street Families, especially Indigenous People's and
8. KC-NCDDP
9. Replication of Completed Social Technology Projects
10. Recovery and Reintegration Program for Trafficked Persons (RRPTP)
11. International Social Welfare Services for Filipino Nationals (ISWSFN)
12. Pag-abot program
13. Tara, Basa! Tutoring Program


PINAGTIBAY, ngayong ika-9 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni



Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni



Aljhaneal E. Quiñones
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni


Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Melvin H. Melencio
Kasangguni



Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni


Mel Bryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin S.J. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng
Sangguniang Bayan ngayong ika-9 ng Pebrero taong Dalawanlibo
Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim